Alberta

**Inilabas** na balita

# Handa na para sa taglamig ang mga kanlungan sa Alberta

Nobyembre 21, 2024 Mga katanungan ng media

## May mga suportang nakalaan ang gobyerno ng Alberta para sa mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan sa buong lalawigan ngayong taglamig.

Habang tumitindi ang mas malamig na temperatura, sinusuportahan ng lalawigan ang pagdaragdag ng parehong pansamantalang mga espasyo para sa taglamig at mga espasyo para sa buong taon sa mga komunidad sa buong Alberta, na tinitiyak na mayroong naaangkop na mga suporta at mainit na lugar na matutulugan para sa mga nangangailangan nito.

Namumuhunan na ngayon ang Alberta ng mahigit $116 milyon sa 2024-25 upang masuportahan ang pagpapatakbo sa mga kanlungang espasyo ng mga walang tirahan sa buong lalawigan, na tumaas ng $8 milyon. Nakakadagdag ang pagtaas na ito ng mga pansamantalang espasyo sa siyam na komunidad sa kanayunan para sa mga buwan ng taglamig, bukod sa mga permanenteng lugar sa mga komunidad na anuman ang laki sa buong lalawigan. Sa mga karagdagang espasyong ito, pinopondohan ng gobyerno ng Alberta ang humigit-kumulang 4,800 na mga espasyo ng kanlungan sa buong lalawigan ngayong taglamig.

"Habang bumababa ang temperatura, iniisip namin ang mga pangangailangan ng mga apektadong Albertan. Sa pagdaragdag ng mga pansamantalang espasyo para sa taglamig sa ilang komunidad pati na rin ang ating patuloy na pamumuhunan sa mga espasyo sa buong taon, kumpiyansa kami na handang harapin ng ating sistema ng kanlungan ang pagtaas ng pangangailangan para sa mga serbisyo. Gaya ng nakasanayan, patuloy nating susubaybayan ang mga pangangailangan ng mga komunidad upang matiyak nating may tulong para sa mga taong nangangailangan nito ngayong taglamig.”

*Jason Nixon, Minister of Seniors, Community and Social Services*

Nagbigay ng pondo ang gobyerno ng Alberta upang madagdagan ang bilang ng mga espasyo ng kanlungan para sa mga kababaihang nakakaranas ng kawalan ng tirahan at nagdagdag sa bilang ng mga espasyo na pinamumunuan ng mga Katutubo sa lalawigan, partikular sa Edmonton.

Itinaas ng lalawigan ang kabuuang pondo para sa mga kanlungan sa Edmonton noong 2024 sa $42.5 milyon, na sumusuporta sa hanggang 1,800 espasyo ng kanlungan, ang pinakamarami sa kasaysayan ng lungsod. Gayunpaman, nakipagtulungan ang gobyerno ng Alberta sa mga operator ng kanlungan upang makapaghanda sa paglaki ng kapasidad kung kailangan ng mas maraming espasyo. Pinopondohan ng lalawigan ang $42 milyon sa Calgary upang masuportahan ang pagpapatakbo sa mahigit sa 2,000 na mga espasyo ng kanlungan sa buong taon.

Inilulunsad din ng gobyerno ang isang page online na nagpapakita sa pang-araw-araw na mga numero ng paggamit sa mga kanlungan sa Edmonton, Calgary at sa iba pang bahagi ng lalawigan. Direktang ibinibigay ng mga kanlungan ang datos at nagbibigay-daan ito para sa mas mataas na kalinawan kaugnay sa kapasidad ng ating sistema sa kanlungan.

Patuloy ang gobyerno ng Alberta na makikipagtulungan sa mga operator ng kanlungan sa lalawigan upang matugunan ang mga hamon at mabigyang-priyoridad ang mga serbisyo para sa mga taong may pinakamahalagang pangangailangan. Kabilang dito ang patuloy na pagpapatakbo sa mga Sentro ng Nabigasyon at Suporta sa Edmonton at Calgary. Nananatiling bukas ang mga ito at handang sumuporta sa mga apektadong Albertan, nagbibigay ng madaling pag-access sa hanay ng mga kritikal na suporta at serbisyo, lahat sa ilalim ng iisang bubong. Noong Nobyembre 20, tinulungan ng dalawang sentro ang humigit-kumulang 6,700 indibidwal na ma-access ang hanay ng mga suporta, tulad ng mga suporta sa kanlungan at pabahay, mga benepisyo sa pananalapi, kalusugan ng isip at pagkagumon, mga serbisyo sa pagkakakilanlan at iba pang mga serbisyong pangkalusugan.

## Mabilisang mga katotohanan

- Sa 2024-25, ang kabuuang badyet para sa mga kanlungan ng walang tirahan at mga organisasyong nakabase sa komunidad ay halos $210 milyon.
- Nagbibigay din ang gobyerno ng Alberta ng mahigit $101 milyon upang suportahan ang mga lokal na programa na idinisenyo upang mailipat ang mga tao mula sa kawalan ng tirahan at madala sa matatag na pabahay na nauugnay sa mga naaangkop na suporta.

## Kaugnay na impormasyon

- Paggamit ng shelter sa Alberta

## Kaugnay na balita

- Pagtulong sa mga pinaka-apektadong suporta sa pag-navigate ng Calgary (Hulyo 2, 2024)
- Nananatiling permanenteng bukas ang Navigation and Support Centre (Marso 26, 2024)

## Mga katanungan ng media

**Alysha Wishloff**

780-643-6210
Press Secretary, Seniors, Community and Social Services